



KAPASIYAHAN BLG. 2026-05

“NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 003, H-2025 NG BARANGAY BONGA MAYOR, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG LAANG GUGULIN (SUPPLEMENTAL BUDGET NO. 1) PARA SA TAONG 2025 NA NAGKAKAHALAGA NG PITONG DAAN SIYAMNAPU’T PITONG LIBO, ANIM NA DAAN WALUMPUNG PISO AT LIMAMPU’T ISANG SENTIMO (₱797,680.51).”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Aljhaneal E. Quiñones

Tagapangulo

Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba

SAPAGKA’T, naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay Bonga Mayor, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng ₱797,680.51;

SAPAGKA’T, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Bonga Mayor, at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;


SAPAGKA’T, ang nasabing kautusan ng Barangay Bonga Mayor, ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.


KUNG KAYA’T, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.


IPINASIYA, gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kautusan Blg. 003, H-2025 ng Barangay Bonga Mayor, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (*Supplemental Budget No. 1*) para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng Pitong Daan Siyamnapu’t Pitong Libo, Anim na Daan Walumpung Piso at Limampu’t Isang Sentimo (₱797,680.51).


PINAGTIBAY, ngayong ika-12 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.


Phillip Wyrner B. Santos
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Leo F. Santos
Kasangguni



John Erick L. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Kyle Gabrielle D. Navarro
Kasangguni


Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni



Melvin H. Melencio
Kasangguni


Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni


Mel Bryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin S.J. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-12 ng Enero taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim